

# ***Mga Tula***

Romulo P. Baquiran, Jr.

## ***Sumabit na Pusong***

---

Sumakay ang mag-asawa sa dyip. Nasa gitnang gulang pareho. Di masyadong ayos ang itsura ng dalawa. Iyong tipong hindi pa naghilamos at nakapagsuklay. Parang may biglang naisipang puntahan at iyon, sumugod. Baka naghahabulan? May kaunting tampuhan marahil. Hindi nagpapansinan. Deretso sa loob ng dyip ang lalaki. Sumiksik sa may bakanteng puwesto. Hindi nilingon ang asawa. Nakatingin sa direksiyong tinutungo ng sasakyan. Puno na ang dyip at walang mauupuang diyes man lang ang babae kaya wala siyang nagawa kundi sumabit. Kumunday sa mukha ang nagkagulong buhok. Nagkatinginan ang mga pasahero habang umuuga-uga ang mga ulo dahil lubak-lubak ang kalsada. Karamihan, nakatakip sa bibig ang panyo o tuwalyita dahil maalikabok ang daan. Nang maisip ng lahat ang kakatwang sitwasyon, nagtawanan. Napalingon ang lalaki at nakita ang asawang nakakunyapit sa entrada ng dyip. Namula siyang bigla sa tawanan at tuksong narinig. “Paupuin mo naman ang asawa mo.”

## ***Dakma***

---

Nasalubong ko ang mag-asawang nag-aaway. Parang sirang plaka ang eksena. Nakakaasiwang tingnan ang domestikong komprontasyong isinapubliko pero lagi nang may fasinasyon sa paninilip sa hindi pang-araw-araw na pangyayari. Ayaw ko sana tumingin pero panakaw na sumulyap pa rin. Buhat-buhat ng babae ang anak na mga isang taon, umiiyak nang malakas habang humahabol-habol sa asawang nakasimangot . Lukot ang mukha ng babae, gustong maiyak, humihingi ng pansin o awa sa lalaki. Pero kakaiba ang papansin ng babae. Gamit ang libheng kanang kamay (ang kaliwa kasi, panghawak sa anak), dadakmain niya ang titi ng asawa. Si lalaki, mabilis na sasalagin ang mahabang kamay. Walang pahiwatig ng pagkataranta sa kilos niya. Liksi lamang. Hindi niya bibilisan ang hakbang o gagawin ang inaasahang kilos: ang umigtad. Mabilis din ang babae, pagkawaksi sa kamay niya, tatangkain niya muling hipuan ang asawa pero muli, ang salag ang maaapuhap ng kaniyang palad. Paulit-ulit ito hanggang sa makalampas ako sa kanila. May sumigaw, “Hoy, pagbigyan mo na iyan.” Hula ko, selos at pagtataksil ang isyu. Puwedeng mapikot ang sinumang nasa relasyon sa mga ganyan.

## ***Tumatahan sa katawan mo ang ganda***

Tumatahan sa katawan mo ang ganda  
hindi pinapansin, pagngatngat ng oras  
at ang pang-aamba ng lalong pangamba  
sa di-maiwasang kusang pagkalagas.

Di lang kita minahal sa iyong anyo  
kundi sa nasilip na ganda ng loob;  
sa sandaling kapiling ka: narahuyo;  
lahat ng dumi't hirap ng puso, ubos!

May mabuting gawa ba't nagkita tayo?  
Kaylapad-lapad ng mundo'y katabi ka;  
kung di lang dapat unahin ang trabaho  
di babangon sa hatak-yapos ng kama.

Sukol man ng abo sa lahat ng panig  
ikaw lamang sinta, ang aking daigdig.

## ***Malayo sa iyo'y pagbawal sa asin***

---

Malayo sa iyo'y pagbawal sa asin  
matabang ang ulam at malamya ang sabaw;  
oo't humihinga'y saliwa ang tingin  
dayukdok sa iyo sa inaraw-araw.

Kaylawak ng dagat ngunit “wag lulusong,  
may panganib diyan, ikaw'y malulunod.”  
Di makitang harang itong sinusuong:  
giting ng pagsuway, o piping pagsunod?

Bakit pa kakain kung walang nang lasa?  
Bakit pa gigising kung wala nang araw?  
Bakit magtutuloy kung wala nang gana?  
Bakit magsisikap kung para nang patay?

Lason ka man dito sa pitlag ng dibdib  
sisimsimin pa rin hanggang huling tirik.

## ***Ikaw ba ang hanging narito sa baga?***

---

Ikaw ba ang hanging narito sa baga?  
Higit pa siguro, nilangit minahal  
sapagkat sumibol itong kaluluwa  
nang malanghap nito aroma mong banal.

Napapatda t'wina pagdaan mong simoy  
dinadala ako sa edeng pangarap  
pataas pataas ang pagpapatuloy  
ng lakbay ng pusong nalayo sa hirap.

Huwag ka nga lamang maging ipoipo  
baka di kayahin ng maselang tungki  
baka sa'n maligaw ang pusong tuliro  
parang saranggolang naputlan ng pisi.

Sariwang hangin ka, buhay ko't ginhawa  
mawalay lang saglit, oopps natataranta.

## ***Ayaw kong pigilin lakad mong malawak***

---

Ayaw kong pigilin lakad mong malawak  
pero anong tinding pagmamarakulyo  
itong nadarama kapag di ko hawak  
ang mga kamay mong pintig-init-pulso.

Di ganyang pag-ibig nais sa sarili  
di sana swapang kundi mapagparaya.  
Pero pero bakit ang sawa ang dini'y  
lumilingkis-lingkis sa pusong saliwa?

Hindi matahimik anuman ang gawin  
sinong kinatagpo ng taksil na mahal?  
Dapat bang magwala, agad nang sugurin?  
Pero hinala ito't likha ng hangal.

Alin ang dakila, sige lang o selos?  
Kung umibig ka na, 'wag padalos-dalos!